**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

# PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
## HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
## DECEMBER 23, 2021 (11:01 A.M. – 12:13 P.M.)

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga Pilipinas; ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio!

Patuloy na operasyon para sa mga nasalanta ng bagyo, takbo ng bakunahan at update sa pamamahagi ng ayuda sa mga manggagawa – iyan po ang ating usaping tututukan ngayong araw ng Huwebes, December 23.

Simulan na natin ang isang oras na talakayan dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Usaping bakunahan muna po tayo: Inaprubahan na nga ng Food and Drug Administration ang mas maikling pagitan sa pagbibigay ng booster dose na hindi bababa sa tatlong buwan mula nang matanggap ang primary shot. Pag-usapan natin ang iba pang detalye tungkol diyan, makakasama po natin si FDA Director General Undersecretary Eric Domingo. Welcome back, Usec. Domingo.

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Magandang umaga Usec. Rocky at magandang umaga po sa inyong lahat. May konting updates lamang po kami sa FDA tungkol sa bakuna saka ilang gamot po na bago nating in-approve.

Kung naaalala po natin ano, ito iyong ating mga bakuna na mayroong Emergency Use Authorization from FDA – sila naman po, wala naman pong nadadagdag pero iyon nga po, nagkaroon tayo nang konting mga amendment sa ating mga Emergency Use Authorization. Noong last week po, ang atin pong Department of Health ay sumulat sa FDA na requesting for an amendment asking kung maaari pong magbigay ng booster dose 3 months after po ng second dose dahil nga po dito sa napipintong pagdating ng Omicron variant.

Ito po ay pinadala natin sa Vaccine Expert Panel natin sa DOST at ang kanila pong recommendation—based on the recommendations of the VEP, the FDA granted the amendment of the administration of a booster dose at least 3 months after the second dose of a primary dose; kung naman po ang primary vaccine po nila ay single dose katulad po ng Janssen, maaari po itong 2 to 3 months after the first dose.

At ito po ay base ‘no sa rekomendasyon nga po ng ating DOST Vaccine Expert Panel at ito po ay dahil nakita nila sa ating pag-aaral at saka sa available data ngayon na mayroon pong waning protection ‘no after a few months after the second dose, bumababa po talaga iyon mga 6 months kaya po noong una ay 6 months po natin ito ibinibigay, iyong booster. Pero nakita nila na mga 3 months after ay may nag-uumpisa nang pagbaba and it may impact protection against the Omicron variant.

At iyon pong pagbibigay ng booster is expected to increase the antibody response against the new variants including Omicron at sa pagtingin ng ating mga expert ang pagbibigay po booster after 3 months would allow a greater number 'no of the population, dito po sa atin, na tumaas iyong kanilang antibody level kung sakali mang makapasok itong variant na Omicron na 'to. Dahil nakita nga po sa experience sa ibang bansa doon sa Delta na kapag mataas po iyong antibody level ng population ay nami-minimize ang transmission. At ito pong pagbigay ng third dose after 3 months ay ginagawa na po ng several countries 'no katulad po ng sa UK, sa Netherlands, sa South Korea at ito nga po ay nakikita nating maaaring panlaban kontra sa possible na pagdating po ng Omicron.

So aside from doon sa ating balita po tungkol po doon sa booster dose, isa rin po na alam din natin na nag-apply ng Emergency Use Authorization sa FDA ay iyong gamot na Molnupiravir. At sa ngayon po mayroon tayong isang binigyan na ng EUA, ito po 'yung Molnupiravir na ang kaniyang brand name ay MOLNARZ®. Ito po ay licensee ng MSD and there are still several licensee ng MSD na iba-iba pong kumpanya ng nag-a-apply din ng EUA dito sa atin for Molnupiravir. Pero ito pong MOLNARZ® iyong pinakaunang nag-apply at so far naka-comply po 'no doon sa ating mga requirements ng safety, efficacy and quality.

So ang pangalan po niya ay Molnupiravir and it comes in 200 milligram capsules 'no. Ito po ay pinapayagan nating ibigay sa mga pasyente with mild to moderate COVID disease so hindi po ito puwede sa mga severe o iyong mga nangangailangan na ng oxygen. Ito ay puwede lamang ibigay sa mga adults 18 years old and above na positive po for COVID-19 and mayroon pong risk factors for developing severe illness katulad po ng mga senior citizen o iyong mga may comorbidities – who are at risk of going into severe COVID.

Ito pong Molnupiravir ay binibigay 2 times a day 'no, 800 milligrams 2 times a day for 5 days but it should be given as soon as possible after diagnosis at dapat po within the first 5 days after the onset of symptoms. So nabibigay po dapat ito sa unang limang araw na pag-umpisa ng symptoms otherwise hindi na po siya masyadong useful at hindi rin po siya puwede sa mga patients with severe illness dahil hindi rin po siya nakakatulong.

Hindi po siya puwedeng ibigay sa mga buntis o sa mga maaaring magbuntis dahil hindi gumagamit ng contraception at sa mga lactating women dahil kulang pa po ang datos natin ano para masabi na safe siya para po sa grupo ng pasyenteng ito.

So since mayroon na pong Emergency Use Authorization ang gamot na Molnupiravir, titigil na rin po tayo ng pagbigay ng Compassionate Special Permit dito. Iyon pong mga stock ng ating mga ospital of course maaari naman po nilang gamitin iyan at ubusin pero kailangan na po sila ngayong sumunod doon sa EO No. 2021-0053 ng Department of Health – ito po iyong guidelines on the procurement, distribution and rationale drug use of COVID-19 drugs under Emergency Use Authorization dahil hindi pa nama po ito CPR or full registration na maaari siyang commercially available. Ito ay kailangang dumaan pa rin po sa mga rules and regulations ng Department of Health.

And then lastly, Usec. Rocky, may isa pa po tayong update. Kung naalala po ninyo, isa sa mga pinakauna nating bakuna na na-approve for EUA sa Pilipinas ay iyong Pfizer at sila rin po iyong

ginagamit natin ngayon sa 12 years old pataas. And ito pong end of November nag-apply na rin po sila sa atin ng Emergency Use Authorization for use of Pfizer 5 to 11 years old. Ito pong bakuna na ito ay ginagamit na po sa mga bata sa maraming bansa katulad po sa US, sa Europa at saka po sa Canada and upon the review of the technical documents and the evaluation of the US FDA recommendations, our experts have found that data submitted is sufficient for the EUA approval.

Nakita naman po talaga natin na it is reasonable to believe that the vaccine may be effective to prevent COVID-19 and the benefits of vaccination outweigh the known and potential risks. Mataas din po iyong kaniyang efficacy rate, above 90% sa mga batang 5 to 11 years old and at the same time iyon pong nakita adverse events doon po sa clinical trial ay very mild lamang po 'no, katulad lamang ng ibang bakuna na natatanggap ng mga bata so konting… siguro po may sinat, konting pananakit doon sa area ng injection pero wala pong nakitang any unusual or important safety signals para po hindi natin ibigay itong EUA. So this is being granted today.

So ito pong produkto na ito ay nakalagay po siya—ang Pfizer po minsan iba-ibang brand po 'no – mayroon pong Tozinameran depende po kung saang bansa manggagaling or iyon pong Comirnaty. Hindi po siya kapareho noong dosage noong binibigay sa adult, ito po ay mas mababang dosage at hindi lamang po iyon, iyong concentration din po noong vaccine ay mas mababa din po 'no kaysa doon sa ginagamit sa adults ngayon. So iyon pong bakuna na ginagamit sa mga adults at saka sa 12 to 17, 12 pataas ay hindi po iyon ang gagamitin sa mga bata.

And knowing this, actually last week pa po sinabihan na namin 'no ang ating task force, sila Secretary Galvez at ang Department of Health Secretary Duque na ibang vaccine po itong gagamitin ng 5 to 11 sa mga bata so they will have to order and procure this separately. Iyon pong mga present doses po natin na nandito ngayon ay pang-adults po iyon at maaaring gamitin sa 12 to 17 pero sa 5 to 11 ibang bakuna po iyong gagamitin.

So iyon lamang po. Maraming salamat, Usec. Rocky!

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., tungkol po doon sa gamot na MOLNARZ®, ibig sabihin ito na lang po iyong papayagan na Molnupiravir sa bansa at paano po iyong ibang brand, tigil po ba muna iyong Compassionate Special Use Permit?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Iyon pong ibang brand na mayroon nang Compassionate Special Permit ngayon, of course puwede naman po nilang magamit pa iyon at saka ito pong tinatawag na ma-exhaust 'no, iyong kanilang mga supplies and, of course, these brands naman po ay nag-submit na rin ng EUA applications sa atin 'no na sumunod din sila dito sa MOLNARZ. And once naman po ma-comply nila iyong mga requirements natin on the quality side of the product at ma-assure lang po natin na it's the same as the MSD product at sila ay talagang licensed to manufacture it, mabibigyan na rin po sila ng kanilang EUA.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., may tanong si Lei Alviz pero nasagot ninyo doon sa inyong presentation about doon sa kung ano raw po iyong ebidensiya kung bakit inaprubahan iyong shorter interval ng booster shot, ano. Pero ito po bang three months, ito na po iyong talagang pinakamaikling panahon na recommended for booster shot administration?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Yes. Oo, Usec. Rocky, at this time, iyan na iyong pinakamaikling panahon na pina-allow ng ating mga experts. At hindi lang naman dito sa Pilipinas kung hindi po iyong mga vaccination programs din naman sa buong mundo talagang three months po ang pinakamaaga na ngayon na pinapayagan for a booster shot.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., para lang din po malinaw ano, ito pong booster dose ay open na for general population or by priority list pa rin po muna?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Well, it is allowed for all adults 'no 18 and above. Pero siyempre po ang DOH, ipa-prioritize pa rin po lagi, unang-una, iyong mga senior citizens, iyon pong mga may comorbidities at saka iyon po talagang mayroong risk factor for developing severe COVID, katulad nga po ng maraming sakit at iyong mga immunocompromised.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec. Eric, bakit for adult population or 18 years old and above lang po pupuwedeng gawin itong three months provision?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Actually po, wala pa po tayong booster sa below 18 'no, kahit po six months ay hindi pa po tayo nagbibigay ng booster shots below 18. As of now, ang talaga pong data lang natin na nagsu-support ng booster shots ay sa adults; at dito po sa Pilipinas, sa adults pa lang po tayo nagbibigay ng booster.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ito pong booster shots sa 17 years old below, kasama na rin po ba sa mga pinag-aaralan ngayon ng FDA at posible pong maisagawa next year?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Sa ngayon, Usec. Rocky, wala pa pong application ang Department of Health or wala pa po silang request to include boosters po ng 17 and below. So wala pa po tayong pina-process na request po para sa amendment to include minors sa booster shots.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., tanong naman po ni Mark Fetalco mula po sa PTV at ni Leila Salaverria ng Inquirer: May studies na po ba kung gaano katagal ang protection na kayang ibigay ng booster shots? And with the threat of new variants, posible rin po bang magbigay ng fourth dose, kagaya sa Israel? Magiging every after three na rin po ang posibleng pamamahagi ng booster dose?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Alam po ninyo, Usec., Rocky, lahat po ito ay hinihintay pa po natin ang further information. Kasi malalaman lang po natin ang mga ito as we observe people who have given the booster shots. So sa ngayon po, alam po natin na sa panandalian kapag nagbigay ng booster ay tumataas po talaga 'no ang antibody levels, but we do not yet know exactly until when that will last at kung mangangailangan pa ng dagdag na booster pagkatapos noon. So ito po ay malalaman pa natin as we get more information.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., pero how soon ang rollout ng bakuna para sa five hanggang eleven years old ngayong may EUA na?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Ang nalalaman ko po ay ito po ay pinaplano ng NTF at saka po ng DOH na gawin as early as January next year. Pero siyempre po iyan, depende kung nag-order na rin po sila or kung mayroon na silang na-secure, nakabili na sila ng supplies para dito po sa bakuna na pambata at kung ready na pong mag-rollout. Pero ang plano po talaga niyan ay as early as January.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kaugnay pa rin nitong Omicron variant na kung saan po ay may tatlong kaso sa Pilipinas, nagsumite po ba o nag-submit ang mga vaccine manufacturers sa inyo ng datos, kung kumusta po ang efficacy ng kanilang bakuna kontra sa bagong variant na ito? At kung mayroon, ano po iyong laman nitong datos, Usec.?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Wala pa, Usec. Rocky, sa buong mundo. Naghihintay pa tayo ng more data on this dahil tinitingnan pa ng WHO at saka ng iba't ibang bansa kung ano ang effect. Of course, we expect na dahil nga bagong variant ito at from our previous experience kapag may bagong variant ay nagkakaroon ng konting pagbaba ang efficacy ng vaccines natin kapag nagkakaroon ng bagong variant, pero hindi naman nawawala completely ang effect nito.

But as to the extent 'no na magkakaroon ng pagbabago sa efficacy ng bakuna, hindi pa po natin nalalaman iyan. Hinihintay pa po natin ang mga pag-aaral ng atin pong mga siyentipiko.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kasalukuyang gumagawa ng mga bakuna na specific target itong Omicron variant. Sakali mang maging matagumpay ito, kailangan pa rin bang dumaan ulit sa EUA application itong mga pharmaceutical companies?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Oo, Usec. Rocky. Anytime na magkakaroon po ng pagbabago sa isang bakuna, whether iyong formulation niya, iyong kaniyang packaging, iyong the way na kung ano iyong kaniyang pang-dilute halimbawa, or ang schedule ng pagbibigay ng kaniyang bakuna, kailangan po itong dumaan uli sa EUA process at maipakita 'no iyong scientific evidence that will support the change in the EUA or the change in the product.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., itong mas maagang booster shot at efficacy ng bakuna natin sa Omicron, ano po ang inaasahang epekto nito sa vaccination rollout natin at laban kontra COVID-19?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Well, ang ini-expect po natin ay talagang at least most people who will get the booster will have a sudden increase ng mga antibodies nila. Pero ina-assure naman po tayo ni Secretary Galvez – nakausap ko po siya personally a few days ago – na there is enough vaccines to go around. Kaya po hindi naman po matitigil ang pagbabakuna dahil talagang ang priority pa rin natin ay iyong pagbabakuna ng mga hindi pa po nabakunahan; mas priority po sila kaysa sa mga tatanggap ng booster 'no.

So our priority is still maintained, number one, iyon pong mga unvaccinated; second, iyong mga incompletely vaccinated. Pagkatapos po noon at saka pa lamang po darating sa prioritization iyong mga tatanggap po ng kanilang booster shots.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat sa inyong panahon, FDA Director General Undersecretary Eric Domingo. Stay safe and Merry Christmas po.

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Maraming salamat. Merry Christmas, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Narito naman po ang pinakahuling datos ng COVID-19 cases sa Pilipinas: As of December 22, 2021, umakyat na sa 2,837,784 ang kabuuang bilang ng mga tinamaan ng COVID-19 matapos pong makapagtala ng 261 na mga bagong kaso kahapon; 122 katao ang mga nasawi kaya nasa 50,960 na po ang bilang ng mga pumanaw sa bansa dahil sa virus; 395 naman po ang naitalang bagong gumaling. Suma total, 2,777,630 ang ating total number of recoveries. Patuloy rin po ang pagbaba ng active cases na sa ngayon ay nasa 9,238 na o katumbas po ng 0.3% ng kabuuang bilang ng mga tinamaan ng sakit.

Kahapon po ay umabot na sa higit limang milyon ang kabuuang doses na naipamahagi sa ginanap na second day na extended run ng Bayanihan Bakunahan 2. Ilan pa kaya ang nadagdag sa huling araw ng vaccination drive? Muli po nating makakasama si Dr. Kezia Lorraine Rosario, mula po sa National Vaccination Operations Center. Good morning po, Doc.

**NVOC DR. ROSARIO:** Good morning, Usec. At sa lahat ng nanunood at nakikinig, magandang umaga sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dok Kezia, kumusta po ang last day ng vaccination drive kahapon?

**NVOC DR. ROSARIO:** Based sa ating datos, we administered around 992,000 doses kahapon. Compared doon sa nabakunahan natin last Monday at saka Tuesday, medyo mababa ito. Pero nakikita nating trend kasi nga because of the typhoon, medyo mahina rin iyong pag-submit kasi nga may connectivity issues iyong mga local governments natin na somehow ay affected doon sa bagyo, so nakikita natin na as several days passed by na nagsa-submit naman ng datos iyong mga LGUs natin ng mga late na mga reports nila, nabakunahan nila. Like for example, kahapon pero most likely we still expect that some will submit tomorrow or even po the next day after that. So, somehow i-expect po na tataas pa po ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero mas marami po ba dahil sinimulan na rin kahapon iyong pagbibigay ng booster doses para sa mga nakakuha po ng primary dose three months ago?

**NVOC DR. ROSARIO:** Sa ngayon, hindi din masyado ding mataas iyong administration natin ng booster. Sa nakita natin yesterday, around 48,000 iyong na-administer natin na booster or additional doses compared ito sa previous days, around 40,000 ‘no. So, kaunting-kaunti lang iyong itinaas ng pagbabakuna natin ng booster.

It’s also due na nag-announce tayo at naibigay iyong guidelines yesterday morning ang talaga ‘no and somehow iyong mga LGUs are still adapting to the change of directions and also are preparing for the rollout ng mga booster doses. So, we expect that slower iyong rollout and then we’ll ramp up as we go along in the next few days po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dr. Kezia, may tanong po iyong ating mga kasamahan sa media ‘no. Ang tanong po ni Jason Rubrico ng SMNI News: Ngayong three months na lang po iyong interval between second dose and booster shot, may statistics po ba tayo kung ilang individual na ang puwedeng tumanggap ng boosters? Magiging sapat po ba ang supply ng bakuna for boosters ngayon na iniklian na po daw iyong interval?

**NVOC DR. ROSARIO:** Yes, USec. ‘no. Sa directive na na-shorten na iyong interval ng ating booster doses doon sa ating after nabigyan sila ng complete dose, dumami talaga iyong due third dose or booster or additional dose. So, iyong mga nabakunahan around March to September, ito na po iyong mga individuals na puwede ng mabigyan natin ng booster doses.

So, ngayon, around 19 million ito ano, more or less, and somehow iyong nabakunahan pa lang natin is 1.2, around that number, and ini-expect natin na dadami ito as the days go along; makaka-catch up din tayo.

Ang tinitingnan, yes, we have sufficient supply ngayon. Enough even to do the booster administration at pagbibigay ng first dose at saka pagbibigay ng full doses. Iyong wino-workout po ng operations center natin is that somehow we can provide enough vaccines, all the brands that are required for the administration.

So somehow, iyong bakuna natin for boosters which are aside from the homologous combination, iyong AstraZeneca, Moderna and Pfizer are allowed to be given as heterologous. So, somehow we need to allocate more of those kasi puwede siyang ibigay as heterologous na nabigyan ng Sinovac, Janssen, Gamaleya, and the rest.

And then tinitingnan din natin iyong combination ng bakuna for the pediatric kasi may specific brands lang din na puwedeng sa kanila, iyong mga other brands ay hindi pupuwede sa kanila. So, iyon ‘yung mga balancing act na kailangang gawin ng operations center, hindi lang sa national level kung hindi sa regional at saka local government, iyong pag-distribute nila equally ng brands across sa kanilang mga vaccination sites para mabigyan ng supply lahat ng mga nangangailangan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bago ko po basahin iyong tanong ng ating kasamahan sa media, ni Vivienne Gulla ng ABS, basahin ko po muna iyong tanong ni Leila Salaverria, pareho po sila ng tanong ni Lei Alviz ng GMA News. Si Leila Salaverria po ng Inquirer, ang tanong niya: Ilang Pfizer doses for five to eleven years old children ang bibilhin ng gobyerno dahil sinabi po kanina ni FDA Chief Domingo, ibang dosage po ang gagamitin sa kanila; kailan po ito inaasahang dumating?

**NVOC DR. ROSARIO:** Sa ngayon, USec., pinag-aaralan pa iyong ilang doses iyong bibilhin, kina-calculate na po ito ngayon. This is being done by our policy team, iyong pag-procure ng ating bakuna at saka tinutugunan nila ito ngayon. We don’t have yet the exact amount, we will share it soon as we have po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong po ni Lei Alviz: Kailan target simulan ang pagbabakuna sa five to eleven years old? Ilan po iyong nabibilang sa five to eleven years old population?

**NVOC DR. ROSARIO:** Currently, USec., we estimate na iyong remaining population is around 20 million 'no with remaining na of the total population. But we need to recalculate it also as we enter 2022 kasi iba na din iyong projections nito versus that of our 2021 projections.

So, ito po iyong currently tinitingnan namin at kinaki-calculate po kung ilan talaga iyong magiging projected population for the five to eleven years old. Before kasi we have exact set na talaga for all age groups, ngayon with pagpasok ng bagong taon, we had to recalculate all our projections with the new year kasi every year tayo nagtsi-change ng population projection.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Vivienne Gulla ng ABS-CBN News: Dumami po ang nagpapabakuna ng booster matapos pong paikliin itong pagitan nito at ng second dose. Sa gitna nito, ano po daw iyong guidance ng NVOC sa mga LGU para matutukan pa rin ang pagbabakuna ng primary vaccine series sa mas maraming Pilipino?

**NVOC DR. ROSARIO:** Sa ngayon, hindi pa natin masyadong nakikita iyong pagdami ng pag-administer ng booster doses. In the next few days—at saka medyo kasi naaapektuhan na din tayo sa holiday season 'no kasi some are not going to the vaccination sites na.

Kaya as we had our meetings kanina, they prefer to have it after the holiday season – iyong pagbabakuna. But then iyong messaging pa din natin eh they have the time na, please have your booster doses not only that but if kailangan na po kayong mabigyan ng second doses, just go to your vaccination site for the needed schedule 'no and for the needed vaccine.

Sa ano naman po, with the—sa ating pagbabakuna naman po, we are expecting na mabigyan pa din ng pansin ng ating mga local governments iyong pagbibigay talaga ng primary doses kasi alam naman natin even with the threat ng Omicron, ang talagang affected will be those that are unvaccinated. So, the first priority pa rin is we need to vaccinate those individuals who are not vaccinated.

So, iyong ginagawa ng ating mga LGUs is really to do suyod activities no, tinitingnan nila per barangay, per purok, kung sino pa iyong hindi nababakunahan at saka sila iyong kinakausap, pini-persuade, binibigyan ng tamang impormasyon para mabakunahan. So, iyon pa rin iyong primary but then of course we still provide services for the fully vaccinated and the booster doses.

So, lahat po ito ay ina-address ng operation simultaneously po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Lei Alviz ng GMA News: Update daw po sa bakunahan sa Visayas at Mindanao na naapektuhan ng bagyo.

**NVOC DR. ROSARIO:** Yes, USec. 'no. Ongoing po iyong assessment ni USec. Cabotaje ngayon on the areas 'no; on several areas ng ating pagbabakuna sa Leyte, may updates na tayo na nagri-resume na sila almost all na po iyong pagbabakuna.

On the Region VII naman now, ngayon ongoing, actually nagri-report iyong Region VII natin kung ano iyong mga vaccination sites na nag-o-operate na. I heard several vaccination sites in

Cebu Province is already being activated. Not all but at least they are providing the services already.

With areas naman sa Surigao, Dinagat Island is already starting to do vaccination and in several vaccination sites ng Siargao mayroon na din kaming nabibigyan ng bakuna as well as the local government of Surigao del Norte.

So, mayroon na pong nagri-resume, USec. We might have a very clear, detailed update mamaya later in the afternoon kung ano talaga itong mga local government units at bilang ng LGUs 'no; ongoing po iyong assessment namin ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Kezia, kinakaya naman po ng mga backup power supply natin para dito sa mga storage ng bakuna lalo na't kapos po sa supply ng petrolyo ngayon dito po sa mga lugar na tinamaan ng Bagyong Odette?

**NVOC DR. ROSARIO:** Ito din iyong—as this goes by after the typhoon, ito din iyong concern namin, iyong status ng ating mga vaccination na generator lang po iyong ginagamit.

So, ngayon we are providing guidance on several ends 'no kasi ang talagang priority is iyong safety pa rin ng ating mga bakuna whether hindi sila naapektuhan with the temperature fluctuation, mga ganiyan.

And we know na iyong bakuna ng COVID-19 hindi po siya kagaya doon sa mga bakuna natin sa National Immunization Program na may vaccine vial monitor 'no. Sa isang vial, makikita nila kung hindi na ito puwedeng gamitin.

Wala pong ganoon iyong mga COVID-19 vaccine natin, so ang priority talaga is to ensure safety. So iyong mga instructions namin, kung talagang hindi na kayang i-save, okay na lang po. We do not want to compromise din iyong safety na mabigay natin Ito sa ating mga constituents na hindi natin ma-ensure na okay pa iyong bakuna.

So iyong instructions namin is if iyong mga vaccine ay nakaranas na paglutang 'no sa mga bagyo at sa mga floodwaters or iyong refrigerator ay lumutang sa floodwaters, if iyong time interval na nawalan ng kuryente of more than 4 hours 'no, dapat i-consider na siya na whether it is for disposal na or hindi. Kung na-peel off na po iyong labeling, dapat i-consider na din siya na puwede na natin siyang i-consider as wastage.

So may mga instruction tayo and iyong ginagawa naman natin ngayon, yes, hindi talaga sustainable iyong pag-run ng ating mga generators so all of our CHDs 'no, ito po 'yung ginagawa nila ngayon – they try to save as much as possible, extraction po iyong nangyayari ngayon so we extract all the vaccines na puwede namin ma-extract. For the LGUs naman na kaya nilang ibigay 'no, i-administer na, we can give it 'no.

And then of course, iyong mga pahirapan talaga na lugar like for example iyong Siargao 'no, iyong effort to extract the vaccine is very huge 'no. So somehow we are balancing it to extract it and then whether to give it na lang sa ating mga constituents or whether to tag it entirely as a

wastage. So iyon po 'yung mga ongoing operations na ginagawa natin ngayon with our report on the wastage 'no, ongoing assessment pa din kami ngayon because today kami mag-i-extract ng information all over. Kasi ngayon lang din bumalik iyong teams namin na umikot from LGU to LGU to see kung ano pa iyong na-waste na mga vaccines or anong mga status ng ating mga cold chain storages po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ihabol ko lang po iyong tanong ni Mark Fetalco ng PTV: According po sa latest report ng Bloomberg, mula po sa huling puwesto, umangat na ng tatlong spot ang ranking ng Pilipinas dahil po sa easing of restriction, improvement sa vaccination rate at pagbaba ng positivity rate suggesting na under control na daw po ang undetected infections sa bansa. Ano po ang reaksiyon dito ng DOH at paano ito mas mapagbubuti ng pamahalaan?

**NVOC DR. ROSARIO:** Yeah. Ito rin iyong isang news na we are very thankful of, 'no. However with the entrance of Omicron in the Philippines, in the country even though hindi pa tayo naka-report na there is a community transmission na, ito 'yung tinitingnan din natin that we need really to prepare for Omicron as soon as possible and we should not let our guards down 'no. Even though medyo low iyong cases natin ngayon and we are very thankful for that, but we need to ensure na ma-address din natin iyong Omicron. So iyong ginagawa na ngayon ng national government is as early as last week, when we got the news, we re-strategized already our plans and course of action just to address possible surge in Omicron.

With the vaccination naman 'no, we really re-strategized instead na somehow mag-lie low with the vacation, holiday season supposedly may alternate kami na pag-lie low ng pagbabakuna. Ngayon, hindi! Our messaging is really to increase coverage ng ating pagbabakuna to ensure na with the limited time window with the Omicron variant 'no, prepared iyong mga tao and everyone will be protected.

So kahapon, Secretary Galvez already called for a meeting with all the agencies, the regional offices and all the members of the task forces to address and to make plans for the Omicron. So we are planning in all areas 'no whether it be in the response and the vaccination kung paano natin paghandaan, even though ngayon we're enjoying na low cases po tayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Celerina Monte ng NHK: Is there a new estimate daw po as to damaged/wasted vaccine apart from 100 Pfizer vials?

**NVOC DR. ROSARIO:** Ah yes, Ma'am. Ngayon 'no as the time lapse 'no from the time na nag-start iyong bagyo – yes, we are recording more wastage. And with the instruction how to really distinguish 'no if puwede pang ma-save kasi iyong mga local governments natin kung puwede palang i-save lahat, save lahat 'no. But then iyon nga, iyong punto din ni Usec. Cabotaje that we still need to ensure safety. While na-save natin siya, titingnan pa din natin kung puwede pa ba siyang mabigay, ma-administer 'no. So with that 'no, somehow we had to discard several na hindi tayo sure kung safe pa ba ibigay or not.

We have more vaccines na wastage, ito iyong ina-assess currently, Ma'am. Maybe in the afternoon we'll have the summary na po ng total number ng COVID-19 doses na na-waste po. This is being currently discussed as of the moment po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po sa inyong panahon at impormasyon, Dr. Kezia Lorraine Rosario ng National Vaccination Operations Center. Stay safe and Merry Christmas po, Doc.

**NVOC DR. ROSARIO:** Merry Christmas!

**USEC. IGNACIO:** Personal na kinumusta at naghatid ng ayuda si Pangulong Rodrigo Duterte para sa mga kababayan nating lubos na naapektuhan ng Bagyong Odette sa Siargao at Dinagat Islands na ilan lamang sa matinding pininsala ng Bagyong Odette. Ang mga ahensiya ng pamahalaan namahagi rin ng tulong sa mga apektadong pamilya. Narito po ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Magpapatuloy po ngayong araw ang pag-iikot nina Pangulong Duterte at Senator Bong Go sa mga nasalanta ng Bagyong Odette sa Palawan at Cebu.

Patuloy nga po iyong isinasagawang recovery operations ng mga unipormadong hanay ng gobyerno sa mga lugar na pinadapa ng Bagyong Odette, kaugnay diyan, makakausap po natin si Commodore Armand Balilo, ang spokesperson ng Philippine Coast Guard. Good morning po, sir.

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Magandang tanghali, Usec. Rocky. Magandang tanghali po sa lahat ng tagasubaybay.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, so far, kumusta po ang pag-iikot ng Philippine Coast Guard sa mga areas na sinalanta ng Bagyong Odette at ano po ang instruction sa mga personnel na dineploy sa mga affected areas?

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Well, nagpapatuloy po iyong ating operations. Ang instruction po ni Secretary Art Tugade ay gawing round the clock at abutin iyong mga areas na kailangang abutin at mabigyan ng tulong.

**USEC. IGNACIO:** Opo. So lahat po ng maritime assets natin ay naka-deploy ngayon para po maghatid ng tulong sa mga kababayan nating binagyo as we speak, covered po nila ang lahat ng areas?

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Well, kasama po ang Philippine Coast Guard sa kabuuang pagkilos ng gobyerno ‘no. Sa amin po, siyam na barko po ang na-deploy namin at naglalagare para magdala po ng relief at tulungan iyong mga kababayan natin magmula po sa Visayas at hanggang makarating po ng Mindanao, at maging dito po sa Palawan.

Kanina po ay naghahanda rin iyong isang barko ng Coast Guard para umalis na rin at tumulak papunta ng Palawan, at ito po ay gagamitin natin pagdating doon na magbigay ng tulong doon sa mga ibang areas pa ng Palawan.

Pinayagan na rin po ni Usec. Gongona ng BFAR iyong BFAR vessels na mina-man po ng Coast Guard na tumulong din po sa mga pagdi-distribute. Kapag dumating po iyong mga relief sa isang area, itong mga smaller vessels, ang siya pong gagamitin para pumunta naman doon sa mga probinsiya na kailangan ng mga relief.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nanguna kayo noong bagyo sa pag-rescue ng mga binaha nating mga kababayan. Based sa assessment ninyo on the ground, nakabalik na ang karamihan sa kanila, sa mga tahanan po nila?

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** So far po, dahil wala nang sama ng panahon, marami na pong nakabalik pero mayroon pong mga ilang nananatiling hindi makatawid ng mga isla sapagka't sarado po ang puerto. Pero ngayon po ay tinitingnan natin na ma-repair lahat ng mga ports na kailangan. At narinig ko na po si GM Santiago ng Philippine Ports Authority na minamadali nila na maging operational lahat ng mga ports sa buong Pilipinas.

**USEC. IGNACIO:** Opo. During those rescue operations, wala naman po bang reported incident among your group, Commodore?

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Usec. Rocky, sa awa po ng Diyos, maliban po sa mga nasirang mga stations ng Philippine Coast Guard, wala pong nai-report na any untoward incident o anumang injury sa aming mga tauhan. Of course, kasama tayo sa mga naapektuhan, iyong mga bahay ng mga tauhan natin ay nasama po doon sa mga nasira noong bagyo.

**USEC. IGNACIO:** Maski po iyong PCG outpost sa Pag-asa Island ay talagang hindi rin po nakaligtas sa Bagyong Odette. Paanong rehab efforts po ang gagawin ng Philippine Coast Guard para dito at kumustahin na rin po iyong sitwasyon ng mga kababayan natin nakatira sa Pag-asa Island.

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Tama po kayo, Usec. Rocky, maging iyong Pag-asa Island na kung saan nandoon iyong mga kababayan natin ay hindi rin po nakaligtas dito sa bagyo. In fact, iyong bagong tayo pong station ng Coast Guard katulad po ng mga nasabi natin sa mga unang panayam ay nasira rin po.

Pero may instruction na po si Admiral Laroya, at nakikipag-partner po tayo ulit sa ating Philippine Coast Guard Auxiliary na gawin uli iyong station sa lalong madaling panahon. Alam ninyo naman po, napakaimportante sa atin ito lalo na po sa ating pagbabantay sa West Philippine Sea.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Commodore, umakyat ba ang bilang mula rito sa halos walumpung maritime accidents na naitala noong kasagsagan ng Bagyong Odette at ano po iyong estado ng mga insidente o aksidenteng ito, may casualty po ba rito?

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Usec. Rocky, iyong 80, iyon iyong initial at ang alam ko ay nadagdagan pa iyan sapagka't hindi pa nai-factor in diyan iyong mga barko doon sa Northern Mindanao at maging dito sa Palawan. Wala lang akong exact report pa.

Pero iyong mga casualties, we are confirming iyong mga reports hanggang ngayon at mayroon pang mga hinahanap na mga tao lalo na po diyan sa Cebu. And kung magkaroon po ng magandang resulta ay ipagbibigay-alam po namin sa inyo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tungkol naman po sa mga pasaherong na-stranded, kumusta na po ang lagay nila so far? Nakabalik na po ba ulit sa regular na biyahe ang mga pantalan? Pinapayagan na rin po bang pumalaot muli ang maliliit na bangka?

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Mayroon pa pong mga hindi pinapayagan 'no, hindi pa talaga feasible na makabiyahe dahil nga po iyong mga ports ay sira. Pero po iyong mga mayroon mga problema dahil may mga hazard to navigation, naayos na po iyan lalo na po sa Cebu, at nakakadaan na po iyong barko nang maayos.

Iyong mga kababayan po natin, mayroong mga mangilan-ngilan mga stranded passengers kasi ho iyong iba ay nasabihan na natin na… na-advise na natin na huwag munang bumiyahe dito sa mga rutang hindi pa puwede at hindi na po tumutuloy. Kanina po ay nakatanggap ako ng isang ano eh, ng request from NDRRMC na niri-request na iyong biyahe ng Manila na mga bus at papunta ho ng Visayas ay huwag na munang…ina-advise-an munang huwag paalisin. Sapagka't kung pupunta ho ng Mindanao, iyong port po ng … papunta ng Liloan, Leyte at tatawid po ng Surigao ay hindi pa po operational.

Kaya po para hindi kayo ma-stranded at saka iyong mga kababayan natin, kung may mga biyahe kayo, mabuti pong makipag-ugnayan doon sa mga shipping companies o kaya tumawag din po kayo sa Philippine Coast Guard o sa Philippine Ports Authority para hindi po maging inconvenient sa inyo kapag magbibiyahe kayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dito naman po, para sa mga private entities naman po na nais makipagtulungan para maghatid-tulong sa pamamagitan ng Philippine Coast Guard, saan daw po sila maaaring makipag-ugnayan, Commodore?

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Alam ninyo po, Usec. Rocky, nais kong magpasalamat doon sa mga patuloy na nagbibigay ng mga donation, ng mga relief para po sa mga kababayan natin. Alam ninyo nga ho, ang sinasabi ko palagi, we have the opportunity to bless others kasi tayo hindi tayo nabagyo at nandito tayo sa comfort ng ating mga tahanan, ang pinakamagandang gawin ho natin ngayong Pasko ay magbigay at tulungan iyong mga kababayan natin; huwag po tayong magsawa, medyo matagal pa itong recovery.

Marami pong organizations na puwedeng pagbagsakan ng mga tulong ninyo, may mga NGOs katulad ho ng World Vision, ng Red Cross. Mayroon din hong mga foundations na puwedeng pagbagsakan. Ang Philippine Coast Guard po ay tumatanggap ng mga donations, mayroon din pong drop off points sa Philippine Coast Guard. I'm sure sa Philippine Navy, sa Army, sa Air Force, lahat po iyan ay sama-samang tumatanggap. Ang importante rito, magpatuloy po tayo sa ating pagtulong sa mga kababayan natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po sa inyong oras, Commodore Armand Balilo, ang spokesperson ng Philippine Coast Guard. Mabuhay po kayo and Merry Christmas!

**PCG SPOKESPERSON CMDR. BALILO:** Salamat, Usec. Rocky. Merry Christmas po sa inyo.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, puntahan naman natin ang lalawigan ng Cebu. Sa kabisera, naibalik na ang supply ng kuryente at nakapag-clearing na rin ang mga kalsada. Pero sa katimugang bahagi ng probinsiya, bakas pa rin ang iniwang pinsala ni Bagyong Odette, mag-uulat ng live si Mela Lesmoras. Mela, na-schedule ba ng Pangulo ang pagbisita ngayon diyan sa Cebu?

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyong report, Mela Lesmoras.

Sa karatig-probinsiya naman na Bohol, mahaba pa rin po ang pila ng mga tao sa ATM dahil limitado pa lang ang mga gumaganang outlets. Si Allan Francisco para sa detalye.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Makibalita naman po tayo sa takbo ng programang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers o TUPAD Program ng Labor Department sa nakalipas na taon. Makakasama po natin si Attorney Ma. Karina Perida-Trayvilla, ang Director po ng Bureau of Workers and Special Concerns ng DOLE. Good morning po, Attorney.

**DOLE DIRECTOR PERIDA-TRAYVILLA:** Good morning po Usec. Rocky at sa lahat po ng nanunood ng Laging Handa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, isa po ang TUPAD Program sa napakaraming programa ng gobyerno na patuloy po na umaagapay sa ating mga manggagawa. Sa inyo pong datos, gaano na po karaming benepisyaryo ang natulungan ng nasabing programa para sa taong ito at inaasahan din po ba natin na mas marami pa ang matutulungan nito sa taong 2022?

**DOLE DIRECTOR PERIDA-TRAYVILLA:** Yes po, Usec. Rocky. Sa taong ito po, halos dalawang milyon na po as of December 17 ang data natin na informal na sector na natulungan po natin sa programa ng TUPAD at nakapag-utilize na po tayo ng 9.6 billion na budget. At tayo po ay umaasa na magiging mataas pa ang budget ng TUPAD Program para sa taong 2022 para po magamit po natin ito sa kalamidad na nangyari, ang Typhoon Odette. At base po sa aming national expenditure program sa budget 2022, mayroon pong nakalaan na halos 20 billion para sa TUPAD Program at inaasahan po natin na 4.7 million po na beneficiaries ang makikinabang dito at sila po ay mabibigyan ng trabaho ng sampung araw.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bilang contribution po ng DOLE sa muling pagbangon ng bansa sa epekto ng kasalukuyang krisis, mas pinalawak pa po ang coverage ng TUPAD. Pakibahagi po iyong detalye nito. Ano po iyong mga nakapaloob sa inilabas ninyong Administrative Order 117 ngayong taon?

**DOLE DIRECTOR PERIDA-TRAYVILLA:** Opo. Iyong nilagdaan po na administrative order ni Sec. Bebot ay mayroon po tayong instruction na habaan pa po iyong ating TUPAD work from 10 days to 90 days po, so depende po ito sa klase ng magiging trabaho ng ating mga beneficiaries. Mayroon pong 15 days, tulad po ng pagtulong sa local government units sa pag-deliver po ng mga relief goods, repacking ng relief goods; puwede din ho tayong tumagal ng 45 days, ito ay pagsasaayos naman po ng mga baradong kanal, paglilinis ng kapaligiran pagkatapos ng kalamidad; at puwede hong tumagal ng 90 days para ho makatulong ho tayo doon sa pagsasaayos ng mga daan patungo sa pamilihan ano po – palengke, mga tulay na nasira at mga pampublikong imprastraktura, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa kabila po ng magandang layunin ng TUPAD, ito din po ay naharap sa ilang mga issue katulad ng umano'y iregularidad sa pamamahagi nito. Ano na po iyong update hinggil sa mga imbestigasyong isinasagawa ng DOLE at ng mga awtoridad patungkol po sa mga nasabing issue? Partikular po dito – tama po ba – sa Quezon City at Palawan?

**DOLE DIRECTOR PERIDA-TRAYVILLA:** Tama po, Usec. Rocky. Mayroon nga po tayong naging issue sa implementasyon ng ating Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers Program. Ang atin pong DOLE National Capital Region, nagsagawa po sila ng imbestigasyon tungkol sa mga iregularidad sa pagpapatupad ng programa sa Quezon City. At base po, Usec., sa imbestigasyon at sinumpaang salaysay ng ilan na mga beneficiaries natin ng TUPAD, sila po ay kinaltasan ng sahod ng mga coordinators ng mga kinauukulan.

At dahil po sa posibleng pagsampa ng kasong kriminal sa mga coordinators po, ang nasabing kaso po ay ipinadala natin sa National Bureau of Investigation para sa pagsasagawa po nang mas malalim na imbestigasyon. At nakapagsagawa rin po ng imbestigasyon ang DOLE Regional Office sa MIMAROPA at napag-alaman po na pawang isolated case lamang po ang napabalitang irregularity sa pagkaltas ng suweldo.

So karamihan po sa mga beneficiaries natin ay nagpamalas naman po ng kanilang pasasalamat sa benepisyong natanggap. At nevertheless naman po ay ang report ng investigation po ng MIMAROPA ay inilapit na po sa tanggapan ng 2nd Congressional District para naman po sa Distrito ng Palawan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kaugnay po noong nasabing usapin, Attorney, may hakbang ba o anong ginagawang hakbang ng DOLE at ng Bureau of Workers with Special Concern para wala pong mga ganitong report o hindi na maulit iyong mga ganitong pangyayari?

**DOLE DIRECTOR PERIDA-TRAYVILLA:** Opo, Usec. Rocky, sana hindi na nga ho maulit. Nag-institute po tayo ng additional control measures tulad po ng paglagay ng QR code sa TUPAD ID ng ating mga beneficiaries; ang mga DTRs po nila – kasi nga trabaho ito, nagsusumite sila ng DTR – ay nilalagdaan ng mga awtorisadong mga taga-DOLE lamang at mga awtorisadong tauhan ng local government unit na partner po natin; at naglalagay din po tayo ng mga tarpaulin doon sa worksite na ito ay TUPAD Program; at mayroon din tayong mga paalala habang sila po ay nagkukolekta ng kanilang sahod sa mga remittance center; mayroon po tayong mga tarpaulin na nagsasabi na ang kanilang sahod ay kailangan pong buo po nilang matanggap.

And then of course, Usec. Rocky, maidagdag ko rin. Ang atin ho namang administrative orders na nagsasakatuparan ng mga guidelines para sa mga complaint, ito po naman ay ini-implement sa mga kada regions po natin sa DOLE.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, may tanong lang po iyong kasamahan natin sa media, si Sam Medenilla po ng Business Mirror. Ang tanong po niya: Kailan po expected mag-start ang TUPAD sa areas na tinamaan ng Typhoon Odette?

**DOLE DIRECTOR PERIDA-TRAYVILLA:** Opo. Thank you, Sam. Iyon pong Regional Office Number 8, nagsimula na po sila noong December 17 – a day after the Typhoon Odette, na nag-struck siya sa atin bansa. Nagsimula na po ang Region VIII; iyong Region X naman po ay nagsimula sila noong December 20; samantalang ang Region VI, Region XIII at ang MIMAROPA ay magsasagawa pa lamang po ng rapid profile. Pati na rin po ang Cebu, currently ay nagku-conduct na po sila ng rapid profiling para po sa mga beneficiaries po natin na magsasailalim sa TUPAD Program at tutulong sa early rehabilitation and recovery sa kanilang mga lugar.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, mayroon po kayong alokasyon, ang DOLE-BWSC para po sa pagtulong ano po sa ating mga kababayan sa Visayas at Mindanao na lubha pong naapektuhan ng Bagyong Odette noong nakaraang linggo? Gaano po karaming manggagawa ang inaasahan natin matutulungan ng TUPAD at ano din po iyong trabaho na maaari nilang gawin mula dito?

**DOLE-BWSC DIRECTOR PERIDA-TRAYVILLA:** Opo, USec. Rocky. Initially po, nagpautos na po si Sec. Bebot Bello na mag-download na po ng 100 million para po sa mga regional offices na—regions na affected at ito po ay mahigit-kumulang 25,000 na manggagawa sa impormal na sektor na apektado ng bagyo ang makikinabang po sa ating TUPAD Program.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kami po nagpapasalamat sa inyong panahon at impormasyon, Atty. Ma. Karina Perida-Trayvilla ng Bureau of Workers and Special Concerns ng Department of Labor and Employment; Merry Christmas po, Attorney!

**DOLE-BWSC DIRECTOR PERIDA-TRAYVILLA:** Merry Christmas po, USec. Rocky! Salamat po!

**USEC. IGNACIO:** Para naman po sa pinakahuling pangyayari sa iba pang mga lalawigan sa bansa, puntahan natin si Merry Ann Bastasa ng PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Merry Ann Bastasa.

Inaasahang magiging all-weather road na ang Kennon Road matapos aprubahan sa Kongreso ang House Bill 6491 na magtitiyak sa full rehabilitation ng nasabing kalsada. Ang karagdagang detalye hatid ni Eddie Carta ng PTV Cordillera.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Punta naman po tayo sa Davao Region kung saan patuloy po ang pagtaas ng vaccination rate. May report si Jay Lagang:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, mga nasa 500 residente sa Barangay Vicente Hizon sa Davao City ang nakatanggap ng tulong mula sa outreach team ni Senator Go. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, nais lamang pong linawin ng tanggapan ni Undersecretary Myrna Cabotaje na ang nai-report na wasted 100 vial ng Pfizer vaccine sa Iloilo ay nangyari sa bayan ng Badiangan, Iloilo at hindi po sa Bengawan, Iloilo.

At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayong araw. Ang Public Briefing po ay hatid sa inyo ng iba't-ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

Mga kababayan, dalawang tulog na lamang po at Pasko na. Tandaan po natin ang tunay na diwa ng Pasko ay nasa pagtulong sa mga nangangailangan lalo na po sa mga kababayan nating nasalanta ng bagyo. Makibahagi po tayo sa bayanihan.

Muli, ako po si USec. Rocky Ignacio, magkita-kita po uli tayo bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center